


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikaapat na Markahan – Modyul 46:
Pagharap sa mga Isyung
Pansekswalidad



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 46: Pagharap sa mga Isyung Pansekswalidad
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Jezzine F. Salar , John Rey C. Clarion
Editor:	Emelinda L. Raza, Mark Lorenz C. Luib
Tagasuri:	Megie M. Lillo , Judith E. Ecoben, Rashiel Joy A. Lepaopao
Tagaguhit:	Alim V. Eviota, Mark Lorenz C. Luib, Merlinda W. Malimit, Jay S. Mateo, Adonis P. Umipig, Jubell C. Cababat
Tagalapat:	Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib, Eljun A. Calimpusan
Tagapamahala:	Francis Cesar B. Bringas Isidro M. Biol Jr. Maripaz F. Magno, Josephine Chonie M. Obseñares Lope C. Papeleras, Michael C. Paso Juan Jr. L. Espina

Inilimbag sa:

Department of Education - Caraga Region

Office Address: Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600
Telefax No.: (085) 342-5969
Email Address: caraga@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikaapat na Markahan – Modyul 46:
Pangharap sa mga Isyung
Pansekswalidad**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin


Ang sekswalidad ang isa sa pangunahing lunsaran sa pagtamo ng pagiging ganap na tao - lalaki o babae. Hindi lamang nasusukat sa pisikal at bayolohikal na aspeto ang pagkabuo ng pagkatao sapagkat may malaking tungkulin na ginagampanan ang mga magulang sa paghubog nito.

Bunsod nito, umuusbong ang iba't ibang isyung pansekswalidad na pumupukaw sa pansariling seksuwal na interes na nangangailangan ng masusing pag-aaral at mabigyan ng tamang pananaw.

Mahaba man ang magiging proseso, patuloy lamang sa pagpapatupad ng paglinang sa mga wastong pananaw hinggil sa mga isyung ito upang hindi malihis sa maling landas ang kabataan.

Sa modyul na ito ay malilinang ang kasanayang pampagkatuto na:

- a. Nasusuri ang ilang napapanahong isyu ayon sa tamang pananaw sa sekswalidad. (EsP8-III-13.2)



Subukin

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Ano ang nararapat gawin ni Aling Selya kung naabutan niyang nanonood ng malaswang bidyo sa internet ang menor de edad?
 - A. Hahayaan siyang manood ng palabas na iyon.
 - B. Sisigawan ang anak at papatayin ang kompyuter.
 - C. Pagagalitan ang anak at sasabihang hindi na siya pagagamitin ng internet.
 - D. Papatayin ang pinapanood na palabas at kakausapin ito ng masinsinan.

2. Alin sa sumusunod ang maaaring bunga ng labis na panonood ng mga palabas na may maseselang tema?
 - A. Naitataguyod nito ang pagmamahalan sa bawat isa.
 - B. Napagaganda ang takbo ng buhay at relasyon ng buong miyembro ng pamilya.
 - C. Nauuwi sa abnormal na aktibidad panseksuwal na maaaring humahantong sa panghahalay.
 - D. Humahantong sa pagkalulong ng mga anak sa alak at paggamit ng mga ipinagbabawal na gamot.

3. Anong isyung pansekswalidad ang maaaring kahantungan ng isang batang ina na nakararanas ng labis na kahihyan at takot sa magiging responsibilidad sa ipinagbubuntis?
 - A. aborsyon
 - B. body shaming
 - C. gender stereotyping
 - D. role confusion

4. Si Aya ay may kakaibang pangangatawan kaya nilalait at pinagtatawanan ng mga kalalakihan sa kanilang lugar. Anong uri ng isyung pansekswalidad ang inilalarawan sa sitwasyon?
 - A. Body Shaming
 - B. Gender Stereotyping
 - C. Oryentasyong Seksuwal
 - D. Teenage Pregnancy

5. Magtatapos na sana ng *High School* si Nimfa. Ngunit nalaman ng kanyang mga magulang na siya ay buntis. Sa iyong palagay, ano ang mas mainam na gawin ng kanyang mga magulang?
 - A. Pag-usapan nang mahinahon ang problema.
 - B. Ilihim ang nangyari upang maka-iwas sa kahihiyahan.
 - C. Itakwil ang anak dahil nadungisan nito ang kanilang pangalan.
 - D. Pagalitan ang anak dahil sinira nito ang pangarap ng kanyang mga magulang na magkaroon ng magandang buhay.

6. Ano ang dahilan ng paglaganap at pagdami ng mga napapanahong isyu ng sekswalidad sa lipunan?
 - A. impluwensya ng medya, telebisyon at internet
 - B. pagpili ng mga taong makipagsabayan sa uso
 - C. paglaganap ng mga babasahing naglalaman ng karahasan
 - D. nakakalimutan ng mga magulang na gabayan ang kanilang mga anak

7. Ano ang maaring gawin upang maiwasan ang panonood ng mga bata ng malalaswang palabas?
 - A. Ugaliing samahan ang mga anak sa lahat ng oras ng panonod ng palabas.
 - B. Hikayatin ang mga anak na maging aktibo sa ibang bagay o gawain na makabuluhan.
 - C. Pag-iwas sa paglilihim sa mga magulang ng kanilang mga anak.
 - D. Hayaang pakialaman ng mga magulang ang *personal gadgets* ng kanilang mga anak upang mas mabantayan ang kanilang tinitingnan sa *internet*.

8. Nakita ni *Teacher Monica* ang mga nagkukumpulang mga bata sa ilalim ng malaking puno. Hindi napansin ng mga bata ang papalapit na guro, kung kaya ay laking gulat ng guro nang makina na ang pinapanood ng mga bata ay malalaswang palabas. Ano ang nararapat gawin ni *Teacher Monica*?
 - A. Pagagalitan ang mga bata
 - B. Ipapatawag ang mga magulang dahil sa kanilang maling pagpapalaki sa mga anak
 - C. Dadalhin ang mga mag-aaral sa *Guidance Office* pagsasabihan at bibigyan ng tamang paggabay
 - D. Paparusahan ang mga bata sa kanilang ginawang walang kabuluhan

9. Madalas na naiuugnay ang pahayag na ito sa pagdedesisyon ukol sa *premarital sex*: “Kung tunay ang nararamdaman mo, ibibigay mo ang iyong sarili sa akin kahit hindi pa tayo pinag-iisang dibdib.” Bilang kabataan na may tamang pananaw tungkol sa sekswalidad, ano ang nararapat mong gawin kung makaririnig ka ng ganitong pahayag mula sa iyong kasintahan?
 - A. Pumayag sa gusto nito upang mapatunayan ang iyong damdamin.
 - B. Pagtataasan ito ng boses at isusumbong sa kanyang mga magulang.
 - C. Magtatanong sa kakilala tungkol sa bagay na ito dahil naguguluhan ka.
 - D. Masinsinang kausapin ang karelasyon at sabihing hindi ka pa handa sa ganitong uri ng gawain.

10. May isang ina sa Barangay Mapalad na hinuli ng mga pulis dahil sa pagbubugaw ng kanyang menor de edad na anak na babae sa mga *foreigner* sa *internet*. Ayon sa kanya, nagawa lang daw niya ito dala ng kahirapan. Ano ang magiging bunga nito sa buhay ng bata?
 - A. maaring yumaman sila sa pambubugaw
 - B. hindi pa siya makapagdesisyon para sa sarili niya
 - C. magtatanim siya ng sama ng loob sa kaniyang ina
 - D. magdudulot ng matinding *trauma* sa bata ang nangyari

11. Tama ba na sa murang edad ay maimulat na ang kabataan kung ano ang mga isyu tungkol sa sekswalidad?
 - A. Hindi, dahil makasasama ito sa kanilang inosenteng pag-iisip
 - B. Oo, dahil malaki ang tulong nito para may alam na sila
 - C. Oo, upang magabayan ang mga kabataan hinggil sa tamang gawain
 - D. Hindi, dahil magkakaroon sila ng ideya sa mga gawaing tungkol sa sekswalidad

12. Niyaya ka ng iyong mga kaklaseng manood ng sine na may malalaswang tema. Kailangan daw ito para hindi maging mangmang sa ganitong uri ng gawain. Anong isyung pansekswalidad ang malinaw na ipinakita sa sitwasyon?
 - A. Gender Identity
 - B. Pornography
 - C. Sexual Orientation
 - D. Teenage Pregnancy

13. Hindi pinayagan ni Aling Seya ang anak niya na babaeng makapag-aral dahil siya ay naniniwala na ang mga babae raw ay dapat nasa bahay lamang at inaasikaso ang kanilang pamilya. Anong isyung pansekswalidad ang nangingibabaw sa sitwasyon?
 - A. Gender Confusion
 - B. Gender Equality
 - C. Gender Identity
 - D. Gender Role

14. Lumaki si Albert na nalilito sa kanyang pagkatao. Iniisip nito na siya ay babae kahit ipinanganak siyang lalaki. Anong ideya ang malinaw na ipinapakita sa sitwasyon?
 - A. Gender Confusion
 - B. Gender Equality
 - C. Gender Identity
 - D. Gender Role

15. Maagang nakipagrelasyon si Julia at dahil dito ay nabuntis siya ng kanyang kinakasama. Alam niya sa sarili na hindi pa siya handa sa ganitong kabigat na responsibilidad sa kanyang edad. Anong uri ng isyung pansekswalidad ang naranasan ni Julia?
 - A. Aborsyon
 - B. Oryentasyong sekswal
 - C. Pornograpiya
 - D. Teenage Pregnancy

Aralin

1

Tamang Pananaw sa Napapanahong Isyu sa Sekswalidad

“Walang sekswalidad ang nakalalamang,
sa lipunan ay pantay-pantay ang karapatan”

- *Anonymous*


Ngayon, subukin sa **Balikan** ang natutunan mo sa nakaraang modyul upang hindi ka mahirapan sa pag-unawa sa konseptong tatalakayin sa panibagong aralin.



Balikan

Gawain 1: Tala-Kahulugan!

Panuto: Bigyang kahulugan ang salitang Sekswalidad. Sa tulong ng *graphic organizer*, isulat ang sagot sa sagutang papel.



Rubriks sa Pagwawasto ng Sagot

Pamantayan	Napakahusay (10 puntos)	Mahusay (8 puntos)	Katamtaman (6 puntos)	Kailangan pa ng kasanayan (4 puntos)
Nilalaman	Kompleto at angkop ang mga impormasyong isinulat.	Kompleto bagaman hindi masyadong angkop ang impormasyong isinulat.	Kulang ng isa at hindi masyadong angkop ang impormasyong isinulat.	Kulang at hindi angkop ang impormasyong isinulat.



Mga Tala para sa Guro

Kung matagumpay na naisagawa ng bata ang gawaing nasa **Balikan** ay hayaan siyang magpatuloy sa kasunod na gawain. Kung hindi naman, pabalikan ang sinundang modyul.



Tuklasin

Gawain: Kritiko ka Ngayon!

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang sumunod paalala at pagnilayan ang mga gabay na tanong.

Bago magsimula ang palabas sa telebisyon palaging maririnig ang paalalang ito mula sa Movie and Television Review and Classification Board:

“Ang susunod na programa ay rated *SPG*. Striktong patnubay at gabay ng magulang ang kailangan. Maaring may maseselang tema, lenggwahe, karahasan, sekswal, *horror* at droga na hindi angkop sa mga bata.”

-MTRCB

Gabay na tanong:

1. Para kanino ang paalala na iyong nabasa?
2. Ano-anong mga uri ng palabas hindi maaring panoorin kung may *rated SPG*?
3. Bakit mahalaga ang mga paalalang ito, lalo na sa mga palabas na may hindi kaaya-ayang tema tulad ng sekswal?
4. Bilang kabataan, paano makakatulong sa iyo ang mga paalalang katulad nito na may kinalaman sa mga napapanahong isyu sa lipunan?



Suriin

Ang sekswalidad ay may malawak na saklaw. Kaugnay nito ang pagkakaroon ng pag-unawa sa damdamin at atraksiyon ng tao sa kapwa. Ang pag-unawa sa sekswalidad ay nakatutulong sa paghahanap ng kasagutan tungo sa pagtamo ng ganap na pagkatao.

Kung babalikan ang isang paalala sa bahaging **Tuklasin** ay nabanggit dito na kinakailangang ang patnubay at gabay ng mga magulang sa panunuod ng anak sa mga palabas sa telebisyon. Malinaw na ang mga palabas na may paalalang ito ay lubos na nangangailangan sa pagpapahalaga ng magulang sa pagbibigay ng gabay sa mga anak tungo sa pagtamo ng tamang pananaw tungkol sa mga napapanood, tulad ng mga usaping may kinalaman sa sekswalidad. Ang pananaw ng kabataan sa sekswalidad ay lubos na nakakaimpluwensiya sa kanyang pag-uugali, kilos, at sa kanyang buong pagkatao.

Habang lumilipas ang panahon ay nagbabago ang pananaw ng tao sa usaping sekswalidad. Kasabay nito ang pag-usbong ng mga napapanahong isyu na kailangan bigyan ng tamang pagtugon na makakaapekto sa pagbuo ng perspektibo ng mga kabataan sa usaping pansekswalidad.

Ilan sa mga isyung pansekswalidad ay ang sumusunod:

Pornograpiya o malalaswang babasahin at palabas

Ito ang isyung dapat pakatutukan ng karamihan dahil nagdadala ito ng problema sa lipunan na nagdudulot ng pang-aabuso sa nakararami. Bunsod ito ng mas madaling pagkalat ng mga babasahin at palabas na may maseselang paksa dahil sa mabilisang pag-access sa *internet* at iba pang uri ng komunikasyon. Ang labis na panonood ng mga palabas na ito ay nakasasama sa kalusugan ng isipan, lalo na ng mga kabataan. Sa pamamagitan ng mga palabas na ito ay nakakukuha ng ideya ang mga kabataan patungkol sa ganitong usapin at maaaring mauwi sa abnormal na aktibidad pansekswal tulad ng panghahalay.

Ayon naman sa mga pag-aaral, ang mga taong matagal nang tumatangkilik sa pornograpiya ay nakararamdam ng labis na kasiyahan o pansekswal na nararamdaman (*sex drive*) na nauwi sa pang-aabuso sa sarili (*self-masturbation*), hindi normal na pakikipagtalik, at *teenage pregnancy* na laganap sa mga kabataang hindi pa handa ang pag-iisip at katawan sa mga pansekswal na gawain.

Pre-marital sex

Ito ay tumutukoy sa pakikipagtalik o pagpasok sa isang gawaing sekswal ng dalawang indibidwal na hindi pa ikinakasal at hindi pa handa sa maaaring kahihinatnan ng mga gawaing pansekswal. Maaaring humantong ang desisyon na ito sa mga epekto na makakaapekto sa kanilang kalusugan sa pag-iisip, at mga hindi kaaya-ayang epekto sa kalusugan ng mga indibidwal na sangkot sa *premarital sex*.

Halimbawa na lamang ang pagkakaroon ng mga sakit na nakukuha sa pakikipagtalik (*sexually transmitted diseases (STD)*), at *teenage pregnancy*.

Teenage Pregnancy

Ito ay tumutukoy sa maagang pagbubuntis ng isang babaeng nasa murang edad dahil sa maling pagpapasiya. Ang mga batang ina ay maaaring makaranas ng mga negatibong epekto sa kanilang paglaki, tulad ng mga komplikasyon sa kalusugan ng batang ina at ng kanyang anak, at pangsikolohiyang epekto tulad ng pagkakaroon ng labis na kahihyan at takot sa pagharap sa responsibilidad na dulot ng *teenage pregnancy*. Ito rin ay maaaring makaapekto sa kanilang kaisipan na magdudulot ng mga desisyon na maglalagay sa kanila sa kapahamakan, tulad ng aborsyon.

Aborsyon

Ang aborsyon ay ang pagpapalaglag o pagtatanggal ng *fetus* mula sa *uterus* ng isang babae, at naghuhudyat ito ng pagtatapos ng kanyang pagbubuntis. Sa Pilipinas, ito ay itinuturing na isang uri ng krimen dahil lumalabag ito sa karapatang pantao ng sanggol upang mabuhay. Bukod rito, maaaring makapagdulot rin ito ng mga komplikasyon sa kalusugan ng isang babae ang pagpapalaglag sa sanggol.

Sexually Transmitted Diseases (STDs)

Ito ay ang mga sakit na dulot ng *bacteria*, *virus* o *parasite* na nakukuha mula sa mga pakikipagtalik at naipapasa sa pamamagitan ng dugo, *semen* o anumang likido na inilalabas ng indibidwal. Mayroong mga naitalang kaso ng pagkakaroon ng STD mula sa mga pang-aabuso sa aspek ng sekswalidad ng isang indibidwal, tulad ng panghahalay. Ang mga pangyayaring ganito ay maaaring magdulot ng mga komplikasyon sa kalusugan ng isang indibidwal kung hindi maaagapan, at makakaapekto sa kanilang pagtingin sa sarili dulot ng kasalukuyang kaisipan ng lipunan sa isyu.

Oryentasyong Sekswal

Tumutukoy ito sa nararamdaman ng isang tao na makaranas ng malalim na pagtinging apeksyonal, emosyonal at sekswal at ang malalim na pakikipagrelasyon sa taong ang kasarian ay maaaring katulad ng sa kanya, iba sa kanya, o kasariang higit sa isa.

Ang oryentasyong sekswal ay maaaring maiuri bilang heterosekswal at homosekswal.

1. **Heterosexual** – mga taong nagkakanasang sekswal sa miyembro ng kabilang kasarian. Halimbawa nito ay ang mga ipinanganak na lalaki na ang gustong makatalik ay ipinanganak na babae at mga ipinanganak na babaeng gusto naman ay ipinanganak na lalaki.
2. **Homosexual** – mga nagkakaroon ng sekswal na pagnanasa sa mga taong nabibilang sa katulad na kasarian. Sa ganitong oryentasyon, ang mga ipinanganak na lalaki ay gustong makipagtalik sa mga ipinanganak din na lalaki at mga ipinanganak na babae ay mas gusto ang babae bilang sekswal na kapareha.

Bukod sa lalaki at babae na nakikilala dahil sa pagkakaroon ng mga bahagi ng katawan na kanilang natamo sa kanilang pagsilang (*sex*), may tinatawag tayo sa kasalukuyan na *lesbian, gay, bisexual, at transgender* o mas kilala bilang *LGBTQIA* na nakikilala sa:

1. **Lesbian (tomboy)** - sila ang mga ipinanganak na babae na ang kilos at damdamin ay panlalaki; mga babaeng may pusong lalaki at umiibig sa kapwa babae.
2. **Gay (bakla)** – mga ipinanganak na lalaki na nakararamdam ng atraksyon sa kanilang kapwa lalaki; may iilang bakla ang nagdadamit at kumikilos na parang babae.
3. **Bisexual** - mga taong nakararamdam ng atraksyon sa dalawang kasarian, babae o lalaki.
4. **Transgender** -ito ay tumutukoy sa isang tao na naniniwala na ang kaniyang pag-iisip at ang pangangatawan ay hindi magkatugma.
5. **Queer** - ay tumutukoy sa taong hindi pa tiyak o hindi pa sigurado sa kanyang sekswal na pagkakakilanlan.
6. **Intersex** - ay ang estado ng ipinanganak na may reproductive o sekswal na *anatomy* na hindi akma sa katangiang pambabae o panlalaki. Halimbawa, lumilitaw sa kanyang tindig ang katangiang pambabae bagama't ipinanganak siyang lalaki.
7. **Asexual** – mga taong walang nararamdamang atraksiyong seksuwal sa anumang kasarian

Gender Identity

Ang gender ay tumutukoy sa mga gawi, kilos at pag-uugali ng isang tao na maglalarawan kung ano siya, babae man o lalaki., Dahil dito, ang isang indibidwal ay nagkakaroon ng tinatawag na *role confusion* o kalituhan sa kanyang tunay na pagkakakilanlan.

Ang pagkakakilanlang pangkasarian (*gender identity*) naman ay kinikilala bilang malalim na damdamin at personal na karanasang pangkasarian ng isang tao, na maaaring nakatugma o hindi nakatugma sa *sex* nang siya ay ipanganak. Kalakip dito ang personal na pagtuturing sa sariling katawan at iba pang ekspresyon ng kasarian, kasama na ang pananamit, pagsasalita, at pagkilos.

Kaakibat ng pagkakaroon ng gender identity ay dapat mapalawak ang pag-unawa sa *gender equality* o pagkakaroon ng pantay-pantay na karapatan o pagturing ng lipunan.

Halimbawa, sa tradisyunal na paniniwala, ang pag-aaral ay para lamang sa mga kalalakihan, samantalang ang kababaihan ay para lang sa mga gawain sa tahanan. Sa kasalukuyang panahon ay pinapalaganap ang pagkakaroon ng *gender equality* na kung saan ay parehong binibigyan ng pagkakataon ang babae at lalaki.

Body Shaming

Ang isyung ito ay talamak sa *social media* kung saan ay nilalait, pinagtatawanan at pinapahiya ang isang tao dahil sa hubog ng kanyang pangangatawan. Kung ang mga may matatabang pangangatawan ay ang madalas na pinagtatawanan, ang mga may payat na pangangatawan naman ay kinukutya rin. Hindi nasusukat sa hubog ng pangangatawan ang kagandahan ng tao kung hindi sa kabutihang-loob nito. Hindi mo dapat ikahiya ang mayroon ka, mahalina muna ang sarili bago magmahal ng iba.

Ang mga isyung pornograpiya, body shaming, pambubulas o bullying at cyberbullying ay masyadong talamak na sa *social media*. Ang isyung ito ay dapat pagtuonan ng pansin sapagkat wala itong magandang naidudulot sa mga tao lalong-lalo na sa mga kabataan. Dahil dito, maraming mga kabataan ang naging biktima ng *cybersex, cyberpornography o childpornography*. Marami ding mga kabataan ang maagang nailantad o pumasok sa mga bagay na tulad ng pakikipagtalik dahil sa mga malalawang *video content* na madaling makikita sa mga *social media sites*. Malinaw din sa lahat na ang mga bata sa kasalukuyan ay may *access* sa mga *site* ng *social media* at ang malalawang nilalaman na ito ay *accessible* sa lahat kahit na ang ating mga bata.


Ang pagiging lantad sa ibat' ibang nilalaman sa social media ay humahantong sa higit na kamalayan sa pangangatawan at sa gayon mas malaki ang tsansa na naihahambingang ang sarili sa iba at tuluyang makaramdam ng kawalan ng kompiyansa. Matindi talaga ang pambubulas o cyberbullying dahil kung bakit dumarami ang bilang ng mga kabataan na nawawalan ng kompiyansa sa sarili hanggang mauwi sa pagkakaroon ng *mental health issue* o mas kilala sa tawag na depresyon na kung hindi maagapan ay hahantong pa sa pagkitil ng sariling buhay. Ang mga isyung ito ay hindi lamang limitado sa mga kababaihan sapagkat mapababae, lalaki o miyembro ng LGBTQ ay nakararanas ng pambubulas o karahasan mula sa kanilang kapwa.

Naging usapan din sa kasalukuyan ang tungkol sa SOGIE BILL o Ang *Sexual Orientation and Gender Identity Expression Equality Bill* o mas kilala sa tawag na *Anti-Discrimination Bill*. Ito ay isang panukalang batas na iminungkahi ng Kongreso ng Pilipinas na kumikilala sa pagkakaiba-iba ng seksuwalidad ng tao at naglalayong protektahan ang tao mula sa diskriminasyon dahil sa kanilang oryentasyong sekswal at pagkakakilanlang pangkasarian o ekspresyon. Isinusulong ng batas na ito ang pagkakapantay-pantay ng karapatan hindi lamang sa mga miyembro ng LGBTQ kung hindi para sa lahat ng mamamayan. Sa pamamagitan nito ay malayang makapag-*access* ang isang miyembro ng nasabing komunidad sa iba't ibang pribado at pampublikong serbisyo, mga pasilidad, edukasyon, trabaho at marami pang iba nang walang takot sa diskriminasyon. Ito ang dahil kung bakit marami ang sumasang-ayon sa pagpapatupad ng nasabing batas. Bagama't marami din ang hindi sumasang-ayon dahil para sa kanila ay nagbibigay lamang ito ng espesyal na pagtrato o karapatan sa mga miyembro ng LGBTQ na maaaring maabuso. Ang batas ay maaaring gamitin ng mga miyembro ng LGBTQ upang

magbanta sa ibang tao na maaaring hindi sumang-ayon sa kanilang mga tuntunin, maaari ding gamitin upang pasiglahin o labagin ang kalayaan ng mga tao sa relihiyon at kalayaang ipamuhay ang kanilang pananampalataya. Ang batas na ito ay taliwas sa batas ng ilang simbahan, gawaing pangrelihiyon, kalayaan at paniniwala. Maaaring usigin din ng batas na ito ang karapatan ng mga magulang sa pagpapalaki at pagdesiplina ayon sa kung ano ang katanggap-tanggap at moral. Naging kahinaan din ng batas na ito ang hindi pagbanggit ng anumang proteksyon ng mga tao o batang inabuso at seksuwal na biktima ng mga kabilang sa nasabing komunidad.

Ma-aprubahan man o hindi ang nasabing batas mas mainam pa rin na maipapairal at maipalaganap ng lahat ang paggalang sa isa't isa sa kabila ng pagkakaiba.

Ang wastong pag-unawa at pagpapahalaga ng mga kabataan sa sariling sekswalidad, at tamang paggabay ng mga magulang ay makatutulong sa pagkakaroon nang maayos na pagpapasiya at *gender sensitivity* o bukas na pag-iisip at pag-unawa sa pagkakaiba upang maiwasan ang patuloy na paglaganap ng mga isyung pansekswalidad.



Pagyamanin

Gawain 2: Hulaan Mo!

Panuto: Suriin ang mga pangungusap upang mabuo ang nawawalang letra. Punan ang mga patlang ng tamang letra at ipaliwanag ang kahulugan nito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Maagang pagbubuntis ng isang batang babae.

T		E	N			E		R	E			A			Y
---	--	---	---	--	--	---	--	---	---	--	--	---	--	--	---

2. Pagkitil sa buhay ng sanggol sa sinapupunan dahil sa labis na kahihiyan at takot sa nakaatang na responsibilidad.

A				R		I		O	N
---	--	--	--	---	--	---	--	---	---

3. Ang pakikipagtalik ng mga indibidwal na hindi pa ikinakasal.

P				M		R		T		L		S		X
---	--	--	--	---	--	---	--	---	--	---	--	---	--	---

4. Ito ang dahilan ng pagkakaroon ng *role confusion*.

	E	N	D					E	N	T			Y
--	---	---	---	--	--	--	--	---	---	---	--	--	---

5. Ang malalaswang babasahin, lathalain at mga hindi kaaya-ayang palabas sa telebisyon na nangangailangan ng patnubay ng magulang.

	O		N	O			A		I		A
--	---	--	---	---	--	--	---	--	---	--	---

Gawain 3: Suri-Sanhi !

Panuto: Magsaliksik ukol sa maaring dahilan o sanhi ng mga nabanggit na isyu. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Napapanahong isyu tungkol sa sekswalidad	Sanhi	Reaksyon o sariling pananaw sa isyu
• Pornograpiya		
• Pre-marital Sex		
• Teenage Pregnancy		
• Sexually Transmitted Diseases (STDs)		
• Oryentasyong Sekswal		
• Gender Identity		
• Body Shaming		

Rubriks sa Pagwawasto ng Sagot

Pamantayan	Napakahusay (15 puntos)	Mahusay (12 puntos)	Katamtaman (9 puntos)	Kailangan pa ng kasanayan (6 puntos)
Nilalaman	Kompleto at angkop ang mga impormasyong isinulat.	Kompleto bagaman hindi masyadong angkop ang impormasyong isinulat.	Kulang at hindi masyadong angkop ang impormasyong isinulat.	Kulang at hindi angkop ang impormasyong isinulat.

Gawain 4: Tula ko, Suriin mo!

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang nilalaman ng dalawang tula. Sagutin ang sumusunod na katanungan sa inyong sagutang papel.

Nagkulang ba? <i>ni: Ruth C. Cempron</i>	Paghubog sa isipan! <i>ni: John Rey C. Clarion</i>
Bakit naisipan? Bakit sinubukan? Sino ang may kasalanan? Pag-ibig ba o kapusukan lamang?	Ang sakit sa mata Mga nakikita'y 'di kaaya-aya Murang isipa'y sa mali nahulma Tamang turo ay kinalimutan na!
Ano ang napala? Sa gawing nagawa Murang isip ay 'di alintana Makamundong kilos ay natamasa.	Ano ang solusyon Sa ganitong uri ng sitwasyon? Magbulag-bulagan sa nakikitang suhestiyon O magkibit-balikat sa nawawasak na pundasyon?
Magulang 'di nagkulang sa salita Wastong edukasyon ipinunla Nagbunga ng bata Kapabayaang ba o biyaya?	Isa lang ang maitutulong Gabayan, patnubayan sa bawat panahon Itama ang mali gamitin matalinong desisyon
Ituwid ang landas Ipagpatuloy pangarap na naiwaldas Bukas paroon ay maaliwalas Tamang pasya tangkilikin ipamalas.	Turuan pagyabungin ang edukasyon. Pornograpiya ay iwaksi Pagmamahal sa pamilya ipanatili Huwag ipintakasi Sa buhay bata mawiwili.

Mga Tanong:

1. Ano ang pangunahing paksa ng dalawang tula?
2. Ano ang aral o mensaheng nais ipaabot ng may-akda sa mambabasa?
3. Anong isyung pansekswalidad ang inilalarawan sa dalawang tula?
4. Bakit mahalagang mahubog sa tama ang isipan ng tao?
5. Bakit mahalagang magkaroon ng matalino at mapanagutang desisyon ang tao?
6. Paano nabigyan ng solusyon ang problemang kinahaharap ng tauhan sa tula?
7. Paano maiiwasan ang paglaganap ng mga nabanggit na isyung panseksuwalidad sa tula?

Rubrik sa Pagsagot ng mga Tanong

Pamantayan	Napakahusay (15 puntos)	Mahusay (10 puntos)	Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)
Nilalaman ng mga sagot	Nasagutan nang tama ang lahat ng tanong at kinapapalooban ng makabuluhang impormasyon.	Nasagutan nang tama ang iilang tanong at kinapapalooban ng iilang makabuluhang impormasyon.	May sagot sa tanong bagaman malayo sa konseptong hinihingi.



Isaisip

Gawain 5: Suri-Teksto!

Panuto: Basahin at unawain ang teksto, at sagutin ang sumunod ang mga tanong sa inyong sagutang papel.

Bata pa lamang si Carlo nang ito ay maimpluwensiyahan ng kanyang mga nakatatandang kapatid sa pagtangkilik ng mga palabas na may malalaswang tema. Dahil dito, siya ay labis na nahuhumaling sa panonood nito. Habang tumatagal ay hindi na siya nasisiyahan sa panonood lamang at naisip niyang subukan na gayahin ang mga nakikita.

Nagmadali siyang pumasok sa isang relasyon nang masubukan ang mga eksenang napanood sa palabas. Nakilala niya si Nene at nagkamabutihan silang dalawa. Lumipas ang ilang buwan ay naghiwalay rin ang magkasintahan. Naging dahilan ang pamimilit ni Carlo na ayaw gawin ni Nene. Bago pa maghiwalay, palaging sinasabi ni Carlo ang katagang: “Nene, kung totoong mahal mo ako ay ibibigay mo

ang iyong sarili sa akin”. Ngunit hindi pumayag si Nene dahil para sa kanya ay hindi dapat ginagawa ng mga kabataan katulad nila ang ganitong gawain. Naisip din niya ang posibleng maging epekto nito sa kaniyang buhay. Natatakot siyang baka ito ang magiging dahilan na hindi siya makapagtapos ng pag-aaral at tuluyang masayang ang pagsisikap ng kaniyang mga magulang. Naaalala din niya sa kanilang leksyon na ang maagang pagbubuntis ay nagdadala ng panganib sa kalusugan at buhay ng parehong ina at ang ipinagbubuntis. Nabanggit din na ang pagiging magulang sa murang edad ay maaaring magdudulot ng emosyonal krisis at *mental breakdown* dahil hindi pa sila handa sa kabilaang obligasyon o responsibilidad, pagpapahiya, negatibong puna mula sa lipunan, pinansyal na kahirapan at kakulangan ng suporta mula sa pamilya. Kung ang problemang ito ay hindi maagapan baka mauwi pa sa pagpapalaglag o pagpapatiwakal. Napagtanto din niyang ang pagbuo ng pamilya ay nangangailangan nang tamang pagpapalano at paghahanda upang maibagay sa mga anak ang lahat ng kanilang karapatan at maiparanas ang isang masaya, masagana at buong pamilya.

Mga Tanong:

1. Anong isyung pansekswalidad ang nabanggit sa teksto?
2. Tama ba ang ginawa ni Nene? Pangatwiranan.
3. Ano ang magiging resulta kung sakaling pumayag si Nene sa kagustuhan ni Carlo?
4. Bakit kinakailangan na may nalalaman ang mga kabataan sa mga isyung sekswalidad katulad ng nabanggit sa teksto?
5. Ano ang mahihinuhang konklusyon sa binasa?

Rubriks sa Pagsagot ng mga Tanong

Pamantayan	Napakahusay (15 puntos)	Mahusay (10 puntos)	Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)
Nilalaman ng mga sagot	Nasagutan nang tama ang lahat ng tanong at kinapapalooban ng makabuluhang impormasyon.	Nasagutan nang tama ang iilang tanong at kinapapalooban ng iilang makabuluhang impormasyon.	May sagot sa tanong bagaman malayo sa konseptong hinihingi.



Isagawa

Gawain 6: Isyung Pansekswalidad Iiwasan Ko!

Panuto: Magbigay ng mga maaaring paraan kung paano mo maiiwasan ang sumusunod na isyung pansekswalidad. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Pornograpiya

Pre-Marital Sex

Teenage Pregnancy

Sexually Transmitted Diseases (STDs)

Oryentasyong Sekswal

Gender Equality

Body Shaming

Rubriks sa Paglalahad ng Opinyon

Pamantayan	Napakahusay (20 puntos)	Mahusay (15 puntos)	Katamtaman (10 puntos)	Kailangan pa ng kasanayan (5 puntos)
Nilalaman	Malinaw na nailalahad ang paraan. Angkop at mahalaga ang mga impormasyong ibinigay.	Malinaw na nailalahad ang paraan at nakapagbibigay ng iilang mahalagang impormasyon.	Hindi masyadong malinaw na nailalahad ang paraan at nakapagbibigay ng kaunting impormasyon.	Hindi malinanaw na nailalahad ang paraan at hindi angkop at mahalaga ang impormasyong ibinigay.



Tayahin

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Tama ba na sa murang edad ay maimulat na ang kabataan kung ano ang mga isyu tungkol sa sekswalidad?
 - A. Hindi, dahil makasasama ito sa kanilang inosenteng pag-iisip
 - B. Oo, dahil malaki ang tulong nito para may alam na sila
 - C. Oo, upang magabayan ang mga kabataan hinggil sa tamang gawain
 - D. Hindi, dahil magkakaroon sila ng ideya sa mga gawaing tungkol sa sekswalidad

2. Niyaya ka ng iyong mga kaklaseng manood ng sine na may malalaswang tema. Kailangan daw ito para hindi maging mangmang sa ganitong uri ng gawain. Anong isyung pansekswalidad ang malinaw na ipinakita sa sitwasyon?
 - A. Gender Identity
 - B. Pornography
 - C. Sexual Orientation
 - D. Teenage Pregnancy

3. Hindi pinayagan ni Aling Seya ang anak niya na babaeng makapag-aral dahil siya ay naniniwala na ang mga babae raw ay dapat nasa bahay lamang at inaaasikaso ang kanilang pamilya. Anong isyung pansekswalidad ang nangingibabaw sa sitwasyon?
 - A. Gender Confusion
 - B. Gender Equality
 - C. Gender Identity
 - D. Gender Role

4. Lumaki si Albert na nalilito sa kanyang pagkatao. Iniisip nito na siya ay babae kahit ipinanganak siyang lalaki. Anong ideya ang malinaw na ipinapakita sa sitwasyon?
 - A. Gender Confusion
 - B. Gender Equality
 - C. Gender Identity
 - D. Gender Role

5. Maagang nakipagrelasyon si Julia at dahil dito ay nabuntis siya ng kanyang kinakasama. Alam niya sa sarili na hindi pa siya handa sa ganitong kabigat na responsibilidad sa kanyang edad. Anong uri ng isyung pansekswalidad ang naranasan ni Julia?
 - A. Aborsyon
 - B. Oryentasyong sekswal
 - C. Pornograpiya
 - D. Teenage Pregnancy

6. Ano ang nararapat gawin ni Aling Selya kung naabutan niyang nanonood ng malaswang bidyo sa internet ang menor de edad?
 - A. Hahayaan siyang manood ng palabas na iyon.
 - B. Sisigawan ang anak at papatayin ang kompyuter.
 - C. Pagagalitan ang anak at sasabihang hindi na siya pagagamitin ng internet.
 - D. Papatayin ang pinapanood na palabas at kakausapin ito ng masinsinan.

7. Alin sa sumusunod ang maaaring bunga ng labis na panonood ng mga palabas na may maseselang tema?
 - A. Naitataguyod nito ang pagmamahalan sa bawat isa.
 - B. Napagaganda ang takbo ng buhay at relasyon ng buong miyembro ng pamilya.
 - C. Nauuwi sa abnormal na aktibidad panseksuwal na maaaring humahantong sa panghahalay.
 - D. Humahantong sa pagkalulong ng mga anak sa alak at paggamit ng mga ipinagbabawal na gamot.

8. Anong isyung pansekswalidad ang maaaring kahantungan ng isang batang ina na nakararanas ng labis na kahihyan at takot sa magiging responsibilidad sa ipinagbubuntis?
 - A. aborsyon
 - B. body shaming
 - C. gender stereotyping
 - D. role confusion

9. Si Aya ay may kakaibang pangangatawan kaya nilalait at pinagtatawanan ng mga kalalakihan sa kanilang lugar. Anong uri ng isyung pansekswalidad ang inilalarawan sa sitwasyon?
 - A. Body Shaming
 - B. Gender Stereotyping
 - C. Oryentasyong Seksuwal
 - D. Teenage Pregnancy

10. Magtatapos na sana ng *High School* si Nimfa ngunit nalaman ng kanyang mga magulang na siya ay buntis. Sa iyong palagay, ano ang mas mainam na gawin ng kanyang mga magulang?
- Pag-usapan nang mahinahon ang problema.
 - Ilihim ang nangyari upang maka-iwas sa kahihiyahan.
 - Itakwil ang anak dahil nadungisan nito ang kanilang pangalan.
 - Pagalitan ang anak dahil sinira nito ang pangarap ng kanyang mga magulang na magkaroon ng magandang buhay.
11. Ano ang dahilan ng paglaganap at pagdami ng mga napapanahong isyu ng sekswalidad sa lipunan?
- Impluwensya ng medya, telebisyon at internet
 - Pagpili ng mga taong makipagsabayan sa uso
 - Paglaganap ng mga babasahing naglalaman ng karahasan
 - Nakakalimutan ng mga magulang na gabayan ang kanilang mga anak
12. Ano ang maaring gawin upang maiwasan ang panonood ng mga bata ng malalaswang palabas?
- Ugaliing samahan ang mga anak sa lahat ng oras ng panonod ng palabas.
 - Hikayatin ang mga anak na maging aktibo sa ibang bagay o gawain na makabuluhan.
 - Pag-iwas sa paglilihim sa mga magulang ng kanilang mga anak.
 - Hayaang pakialaman ng mga magulang ang *personal gadgets* ng kanilang mga anak upang mas mabantayan ang kanilang tinitingnan sa *internet*.
13. Nakita ni *Teacher Monica* ang mga nagkukumpulang mga bata sa ilalim ng malaking puno. Hindi napansin ng mga bata ang papalapit na guro, kung kaya ay laking gulat ng guro nang makita na ang pinapanood ng mga bata ay malalaswang palabas. Ano ang nararapat gawin ni *Teacher Monica*?
- Pagalitan ang mga bata
 - Ipapatawag ang mga magulang dahil sa kanilang maling pagpapalaki sa mga anak
 - Dadalhin ang mga mag-aaral sa *Guidance Office* pagsasabihan at bibigyan ng tamang paggabay
 - Paparusahan ang mga bata sa kanilang ginawang walang kabuluhan

14. Madalas na naiuugnay ang pahayag na ito sa pagdedesisyon ukol sa *premarital sex*: “Kung tunay ang nararamdaman mo, ibibigay mo ang iyong sarili sa akin kahit hindi pa tayo pinag-iisang dibdib.” Bilang kabataan na may tamang pananaw tungkol sa sekswalidad, ano ang nararapat mong gawin kung makaririnig ka ng ganitong pahayag mula sa iyong kasintahan?
- A. Pumayag sa gusto nito upang mapatunayan ang iyong damdamin.
 - B. Pagtataasan ito ng boses at isusumbong sa kanyang mga magulang.
 - C. Magtatanong sa kakilala tungkol sa bagay na ito dahil naguguluhan ka.
 - D. Masinsinang kausapin ang karelasyon at sabihing hindi ka pa handa sa ganitong uri ng gawain.
15. May isang ina sa Barangay Mapalad na hinuli ng mga pulis dahil sa pagbubugaw ng kanyang menor de edad na anak na babae sa mga *foreigner* sa *internet*. Ayon sa kanya, nagawa lang daw niya ito dala ng kahirapan. Ano ang magiging bunga nito sa buhay ng bata?
- A. maaring yumaman sila sa pambubugaw
 - B. hindi pa siya makapagdesisyon para sa sarili niya
 - C. magtatanim siya ng sama ng loob sa kaniyang ina
 - D. magdudulot ng matinding *trauma* sa bata ang nangyari



Karagdagang Gawain

Gawain 7: Paggawa ng Islogan.

Panuto: Gumawa ng isang *advocacy campaign* sa pamamagitan ng paggawa ng isang islogan tungkol sa pag-iwas sa mga napapanahong isyung pansekswalidad. Isulat ang Islogan sa sagutang papel.

Rubriks para sa Paggawa ng Islogan

Pamantayan	Napakahusay (10 puntos)	Mahusay (8 Puntos)	Katamtaman (6 Puntos)	Kailangan pa ng kasanayan (4 Puntos)
Nilalaman/ Content	Ang mensahe ay mabisang naipapakita	Di gaanong naipapakita ang mensahe	Medyo magulo ang mensahe	Walang mensaheng naipapakita
Pagkamalikhain/Creativity	Napakaganda at napakalinaw ng pagsulat ng mga titik	Maganda at malinaw ang pagsulat ng mga titik	Maganda ngunit di gaano malinaw ang pagkakasulat ng mga titik	Di amaganda at Malabo ang pagkakasulat ng mga titik
Kaugnayan sa Paksa/Relevance	May malaking kaugnayan sa paksa ang islogan	Di gaanong may kaugnayan sa paksa ang islogan	Kaunti lang ang kaugnayan ng islogan sa paksa	Walang kaugnayan sa paksa ang islogan
Kalinisan	Malinis na malinis ang pagkakabuo	Malinis ang pagkakabuo	Di gaanong malinis ang pagkakabuo	Marumi ang pagkakabuo
Kabuoang Puntos = 40 puntos				



Susi sa Pagwawasto

<p>Subukin</p> <p>1. D 2. C 3. A 4. A 5. A 6. A 7. B 8. C 9. D 10. D 11. C 12. B 13. D 14. C 15. D</p>	<p>Pagymamanin</p> <p>Gawain 2</p> <p>1. Teenage Pregnancy 2. Aborsiyon 3. Pre-marital Sex 4. Gender Identity 5. Pornograpiya</p>	<p>Tayahin</p> <p>1. C 2. B 3. D 4. C 5. D 6. D 7. C 8. A 9. A 10. A 11. A 12. B 13. C 14. D 15. D</p>
--	---	--

Sanggunian

Bognot, Regina et. Al. 2014. *Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul para sa mag-aaral*. 5th Floor Mabini Building. Meralco Avenue, Pasig City.

Hanguang Elektroniko

Anzilotti, Amy. *STDs (Sexually Transmitted Diseases)*. n.a. <https://kidshealth.org/en/teens/std.html> (accessed March 15, 2021).

Abrams, Mere. *healthline.com*. December 10, 2019. <https://www.healthline.com/health/different-types-of-sexuality> (accessed May 22, 2020).

Center for Reproductive Rights. *Facts on Abortion in the Philippines: Criminalization and a General Ban on Abortion*. n.a. https://www.reproductiverights.org/sites/crr.civicactions.net/files/documents/pub_fac_philippines_1%2010.pdf (accessed March 14, 2021).

Forastero, Ma. Hazel. *slideshare.com*. January 29, 2016. <https://www.slideshare.net/MaHazelForastero/isyung-moral-tungkol-sa-seksuwalidad> (accessed May 21, 2020).

Mayo Clinic. *Sexually transmitted diseases (STDs)*. n.a. <https://www.mayoclinic.org/diseases-conditions/sexually-transmitted-diseases-stds/symptoms-causes/syc-20351240> (accessed March 15, 2021).

Molina, Ludwin. *California State University, Northridge*. 1999. <http://www.csun.edu/~vcpsy00h/students/sexual.htm> (accessed May 22, 2020).

Robles, Patricia Diane. *innerself.com*. January 1, 1997. <http://tl.innerself.com/content/personal/relationships/couples/sexuality/5132-make-peace-with-your-sexuality.html> (accessed May 22, 2020).

Shrestha, Ram. *Premarital Sexual Behaviour and its Impact on Health among Adolescents*. n.a. <https://www.nepjol.info/index.php/jhp/article/view/25496#:~:text=Unwanted%20pregnancy%2C%20teenage%20pregnancy%2C%20abortion,premarital%20sexual%20behaviour%20among%20adolescents.> (accessed March 14, 2021).

The Editors of Encyclopaedia Britannica. *Abortion*. n.a. <https://www.britannica.com/science/abortion-pregnancy> (accessed March 14, 2021).

World Health Organization. *Adolescent pregnancy*. n.a. <https://www.who.int/news-room/fact-sheets/detail/adolescent-pregnancy> (accessed March 14, 2021).

World Health Organization. *Gender and Health*. n.a. https://www.who.int/health-topics/gender#tab=tab_1 (accessed March 14, 2021).

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph